Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# Ang Papel ng Magulang sa Tagumpay ng Mag-aaral: Isang Pag-aaral sa Antas ng Pakikilahok sa mga Gawaing Pampaaralan

Maritchel M. Paras [1]
1 – Procopio Mailig Memorial Integrated School
maritchel.magpili@deped.gov.ph

Publication Date: May 22, 2026 DOI: **10.5281/zenodo.20340726**

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang papel ng magulang sa tagumpay ng mag-aaral sa konteksto ng kanilang pakikilahok sa mga gawaing pampaaralan sa Procopio Mailig Memorial School para sa taong panuruan 2025–2026. Gumamit ito ng deskriptibong disenyo at nilahukan ng 74 na mag-aaral sa Grade 8 at kanilang 74 na magulang o tagapag-alaga. Sinuri ang pakikilahok ng magulang sa pagpupulong, gawaing pang-akademiko, at pagsuporta sa mga programang pangpaaralan, gayundin ang antas ng tagumpay ng mag-aaral sa akademikong pagganap, disiplina, at paglahok sa mga aktibidad.

Ipinakita ng resulta na bahagyang nakikilahok ang mga magulang sa mga gawaing pampaaralan. Natukoy namang bahagyang mataas ang akademikong pagganap at paglahok ng mga mag-aaral sa gawain, samantalang mataas ang kanilang disiplina at asal. Para sa mga mag-aaral, ang pakikilahok ng kanilang magulang ay bahagyang mahalaga sa kanilang tagumpay. Lumitaw din na ang pangunahing hadlang sa partisipasyon ng magulang ay ang trabaho, stress, at kakulangan sa kasanayang teknolohikal.

Bilang tugon, iminungkahi ang pagpapatupad ng mga programang magpapalakas sa ugnayan ng paaralan at magulang. Inirekomenda rin ang pagpapatibay ng mga programang pang-akademiko at pang-disiplina upang higit na mapaunlad ang tagumpay ng mga mag-aaral.

**Mga Susing Salita:** pakikilahok ng magulang, tagumpay ng mag-aaral, gawaing pampaaralan, akademikong pagganap, disiplina, hadlang, trabaho, teknolohiya, ugnayan ng paaralan, deskriptibong disenyo

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

## INTRODUKSYON

Ang matagumpay na pagkatuto ng mga mag-aaral ay hindi lamang nakasalalay sa kagalingan ng guro at kalidad ng pagtuturo, kundi higit ding nakaaapekto ang antas ng pakikilahok ng mga magulang sa mga gawaing pampaaralan. Ang mga magulang ay itinuturing na pangunahing katuwang ng paaralan sa paghubog ng mabuting asal, kasanayan, at tagumpay ng kanilang mga anak. Sa isang makabagong sistemang pang-edukasyon na patuloy na humaharap sa iba't ibang hamon, ang aktibong partisipasyon ng mga magulang ay nagiging mahalagang salik sa pagtataguyod ng kalidad ng edukasyon. Gayunpaman, sa kabila ng pagkilalang ito, nananatili pa ring hamon ang hindi pantay-pantay na antas ng pakikilahok ng mga magulang—may ilan na lubos na nakikibahagi, samantalang ang iba ay nananatiling limitado ang partisipasyon dahil sa iba't ibang kadahilanan gaya ng kawalan ng oras, kaalaman, o oportunidad.

Sa konteksto ng Pilipinas, malinaw ang pagkilala ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) sa kahalagahan ng pakikilahok ng mga magulang sa pagtataguyod ng edukasyon ng kanilang mga anak. Nakasaad sa Article XIV, Section 2 ng 1987 Philippine Constitution na tungkulin ng Estado na suportahan at palakasin ang papel ng pamilya bilang pangunahing tagapagsanay ng kabataan. Ipinatupad din ng DepEd ang DepEd Order No. 54, s. 2009 na nagtatakda ng mga polisiya at alituntunin para sa organisasyon ng Parents-Teachers Associations (PTA) sa lahat ng pampubliko at pribadong paaralan. Layon nitong mapalawak ang partisipasyon ng mga magulang sa mga gawaing pampaaralan at mapalalim ang kolaborasyon ng tahanan at paaralan sa paghubog ng mabubuting mag-aaral.

Sa kasalukuyang kalagayan ng bansa, patuloy na nahaharap ang sistema ng edukasyon sa mga hamon ng mababang partisipasyon ng mga magulang, lalo na sa mga gawaing pampaaralan gaya ng mga pulong, programang pang-akademiko, at extracurricular activities. Ayon sa isang pag-aaral ni Alampay at Jocson (2021), maraming magulang ang nais makilahok ngunit nahaharangan ng mga salik tulad ng kakulangan sa oras, kawalan ng kaalaman kung paano makatutulong, at kahirapan sa ekonomiya. Dahil dito, nagiging limitado ang kanilang kontribusyon sa paghubog ng pagganap ng kanilang mga anak sa paaralan.

Sa Division of Batangas, isinusulong ng mga pampublikong paaralan ang mas aktibong School-Community-Home partnership bilang tugon sa mga hamong ito. Sa pamamagitan ng mga School Governing Councils (SGC) at Homeroom PTA Programs, hinihikayat ang mga magulang na lumahok sa mga aktibidad ng paaralan tulad ng Brigada Eskwela, reading remediation programs, at iba pang proyekto para sa kagalingan ng mga mag-aaral. Gayunpaman, batay sa mga ulat ng paaralan at obserbasyon ng mga guro, hindi pa rin pare-pareho ang antas ng pakikilahok ng mga magulang—may ilan na aktibo ngunit marami rin ang hindi pa nakikibahagi nang lubusan.

Sa Procopio Mailig Memorial School, kapansin-pansin ang pagkakaiba ng tagumpay ng mga mag-aaral depende sa antas ng pakikilahok ng kanilang mga magulang. Sa mga mag-aaral na may magulang na aktibong dumadalo sa mga pagpupulong, sumusuporta sa gawaing pang-akademiko, at nakikilahok sa mga programa ng paaralan, mas mataas ang antas ng kanilang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

pagganap, disiplina, at motibasyon. Subalit, lumalabas sa datos mula sa huling PTA General Assmebly sa paaralan, na may 55.67% attendance rate lang ang mga magulang bunga ng iba't ibang dahilan tulad ng trabaho, kawalan ng kaalaman, o kakulangan sa pakikipag-ugnayan sa paaralan. Dahil dito, nagiging mahalaga ang isang sistematikong pag-aaral upang masukat ang antas ng pakikilahok ng mga magulang at matukoy ang kaugnayan nito sa tagumpay ng mga mag-aaral.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang disenyo ng pananaliksik na ginamit sa kasalukuyang pag-aaral ay descriptive research design, na nakatuon sa sistematikong paglalarawan ng antas ng pakikilahok ng mga magulang sa gawaing pampaaralan at kung paano ito nakaaapekto sa tagumpay ng mga mag-aaral. Layunin ng disenyong ito na tukuyin at mailarawan ang mga umiiral na gawi, antas ng partisipasyon, at pananaw ng mga magulang at guro hinggil sa kanilang papel sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

### Mga Kalahok ng Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng 74 na mag-aaral sa Grade 8 at ang kani-kanilang 74 na magulang o tagapag-alaga mula sa Procopio Mailig Memorial School para sa taong panuruan 2025–2026. Pinili ang mga mag-aaral at magulang bilang mga kalahok sapagkat sila ang direktang nakararanas at nakikibahagi sa mga gawaing pampaaralan na siyang tuon ng pag-aaral.

### Mga Instrumento ng Pananaliksik

Ang palarawang pamamaraan ng pananaliksik ay ginamit sa pag-aaral na ito gamit ang talatanungan bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng data. Ang data para sa pag-aaral ay nabuo mula sa mga sagot ng mga respondent sa talatanungan. Inihanda ang talatanungan batay sa mga konseptong hango sa natipon na panitikan at pag-aaral.

- Pagbuo ng Mga Instrumento
- Pagpapatunay ng Instrumento
- Pangangasiwa ng Pagsasagot sa Instrumento
- Pagkuha ng Sagot sa mga Instrumento
- Pagmamarka sa Instrumento

### Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Upang matugunan ang mga suliranin ng pag-aaral hinggil sa papel ng magulang sa tagumpay ng mga mag-aaral at masukat ang antas ng kanilang pakikilahok sa mga gawaing pampaaralan, gumamit ang mananaliksik ng deskriptibong metodo ng pananaliksik at survey questionnaire bilang pangunahing kasangkapan sa pangangalap ng datos. Ang talatanungan ay binuo batay sa mga umiiral na literatura at pag-aaral na may kaugnayan sa pakikilahok ng magulang, tagumpay ng mag-aaral, at ugnayang paaralan-magulang. Kabilang sa mga

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

sangguniang ginamit ang mga aklat, online journal, DepEd Memoranda at Orders, at iba pang kaugnay na pananaliksik upang matiyak ang kaugnayan at bisa ng bawat aytem.

**Plano ng Pagtatasa ng Datos**

Matapos makalap ang lahat ng datos mula sa mga sinagutang talatanungan at panayam, ang mga ito ay isasailalim sa masusing pagsusuri gamit ang mga istadistikal at kwalitatibong pamamaraan upang matugunan ang mga layunin at katanungang pananaliksik ng pag-aaral. Layunin ng bahaging ito na mailarawan nang malinaw ang antas ng pakikilahok ng mga magulang sa gawaing pampaaralan at ang ugnayan nito sa tagumpay ng mga mag-aaral sa aspetong akademiko, disiplina, at partisipasyon sa paaralan.

**Resulta at Pagtalakay**

I. Antas ng Pakikilahok ng mga Magulang ng Grade 8 sa mga Gawaing Pampaaralan

I.1 Pagdalo sa mga pagpupulong at pagtitipon ng paaralan

**Talahanayan 1**
**Antas ng Pakikilahok ng mga Magulang ng Grade 8 sa mga Gawaing Pampaaralan ayon sa Pagdalo sa mga pagpupulong at pagtitipon ng paaralan**

| Pagdalo sa mga pagpupulong at pagtitipon ng paaralan | WM | VI | Rank |
|---|---|---|---|
| 1. Madalas akong dumadalo sa mga General PTA meetings ng paaralan. | 2.66 | BN | 1 |
| 2. Tumutugon ako sa paanyaya ng paaralan upang dumalo sa mga espesyal na pagtitipon tulad ng orientation, recognition day, at iba pa. | 2.5 | N | 2 |
| 3. Nakikilahok ako sa mga pagpupulong ng klase (per section) kapag may mga anunsyo o usaping may kinalaman sa aking anak. | 2.49 | BN | 3 |
| 4. Naglalaan ako ng oras upang dumalo sa mga barangay o community meetings na kaugnay ng mga programa ng paaralan. | 1.66 | BN | 4 |
| 5. Ako ay aktibong dumadalo sa mga pagpupulong kung saan hinihingi ang opinyon at partisipasyon ng mga magulang sa mga desisyon ng paaralan. | 1.58 | N | 5 |
| **Composite Mean** | **1.93** | **BN** | |

*Legend:* *LM-Lubhang Mataas* *M-Mataas*
*BM-Bahagyang Mataas* *HM-Hindi Mataas*

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang antas ng pakikilahok ng mga magulang ng Grade 8 sa mga gawaing pampaaralan partikular sa aspeto ng pagdalo sa mga pagpupulong at pagtitipon ng paaralan. Batay sa datos, ang mga magulang ay bahagyang nakikilahok (Composite Mean = 1.93) sa ganitong mga aktibidad. Pinakamataas sa ranggo ang pagdalo sa General PTA meetings na

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

may weighted mean na 2.66 at verbal interpretation na bahagyang nakikilahok, na sinusundan ng pagtugon sa paanyaya ng paaralan sa mga espesyal na pagtitipon tulad ng orientation at recognition day (WM = 2.50, N).

1.2 Pagsuporta sa mga Gawaing Pang-akademiko ng Anak

**Talahanayan 2**
**Antas ng Pakikilahok ng mga Magulang ng Grade 8 sa mga Gawaing Pampaaralan ayon sa Pagsuporta sa mga Gawaing Pang-akademiko ng Anak**

| Pagsuporta sa mga Gawaing Pang-akademiko ng Anak | WM | VI | Rank |
|---|---|---|---|
| 1.Aktibo kong tinutulungan ang aking anak sa paggawa ng mga takdang-aralin at proyekto sa paaralan. | 2.16 | BN | 2 |
| 2. Regular na kinukumusta at sinusubaybayan ko ang pagganap ng aking anak sa mga asignatura. | 2.45 | BN | 1 |
| 3. Pinapaalalahanan ko ang aking anak na mag-aral at maghanda para sa mga pagsusulit. | 1.57 | BN | 4 |
| 4. Nakikipag-ugnayan ako sa mga guro upang alamin ang akademikong kalagayan ng aking anak. | 1.58 | BN | 3 |
| 5. Naglalaan ako ng oras at tahimik na lugar sa bahay upang makapag-aral nang mabuti ang aking anak. | 1.50 | BN | 5 |
| **Composite Mean** | **1.85** | **BN** | |

*Legend:* *LM-Lubhang Mataas* *M-Mataas*
*BM-Bahagyang Mataas* *HM-Hindi Mataas*

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang antas ng pakikilahok ng mga magulang ng Grade 8 sa mga gawaing pampaaralan batay sa kanilang pagsuporta sa mga gawaing pang-akademiko ng anak. Batay sa resulta, ang item na "Regular na kinukumusta at sinusubaybayan ko ang pagganap ng aking anak sa mga asignatura" ang nanguna sa may pinakamataas na weighted mean na 2.45 na may verbal interpretation na Bahagyang Nakikilahok (BN). Sumunod dito ang pagtulong sa paggawa ng takdang-aralin at proyekto na may mean na 2.16, habang ang pinakamababang mean na 1.50 ay nakapaloob sa pahayag na "Naglalaan ako ng oras at tahimik na lugar sa bahay upang makapag-aral nang mabuti ang aking anak." Ang kabuuang composite mean ay 1.85, na may katumbas na interpretasyong Bahagyang Nakikilahok (BN). Ibig sabihin, bagaman may pagpapakita ng pakikilahok ang mga magulang, ito ay hindi pa ganap o palagian.

1.3 Pagsunod at pagtulong sa mga programang ipinapatupad ng paaralan

**Talahanayan 3**
**Antas ng Pakikilahok ng mga Magulang ng Grade 8 sa mga Gawaing Pampaaralan ayon sa Pagsunod at pagtulong sa mga programang ipinapatupad ng paaralan**

| Pagsunod at pagtulong sa mga programang ipinapatupad ng paaralan | WM | VI | Rank |
|---|---|---|---|
| 1.Aktibo kong tinutulungan ang aking anak sa paggawa ng mga takdang-aralin at proyekto sa paaralan. | 1.54 | BN | 4 |
| 2. Regular na kinukumusta at sinusubaybayan ko ang pagganap ng aking anak sa mga asignatura. | 1.49 | HN | 5 |
| 3. Pinapaalalahanan ko ang aking anak na mag-aral at maghanda para sa mga pagsusulit. | 2.51 | N | 1 |
| 4. Nakikipag-ugnayan ako sa mga guro upang alamin ang akademikong kalagayan ng aking anak. | 1.55 | BN | 3 |
| 5. Naglalaan ako ng oras at tahimik na lugar sa bahay upang makapag-aral nang mabuti ang aking anak. | 1.64 | BN | 2 |
| **Composite Mean** | **1.54** | **BN** | |

*Legend:* *LM-Lubhang Mataas* *M-Mataas*
*BM-Bahagyang Mataas* *HM-Hindi Mataas*

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang antas ng pakikilahok ng mga magulang ng Grade 8 sa mga gawaing pampaaralan kaugnay ng kanilang pagsunod at pagtulong sa mga programang ipinapatupad ng paaralan. Batay sa resulta, nakakuha ng composite mean na 1.54 na may katumbas na Bahagyang Nakikilahok (BN) ang mga magulang. Pinakamataas na marka ang nakamit ng pahayag na "Pinapaalalahanan ko ang aking anak na mag-aral at maghanda para sa mga pagsusulit" na may weighted mean na 2.51 at verbal interpretation na Nakikilahok (N), samantalang ang pinakamababang marka ay mula sa pahayag na "Regular na kinukumusta at sinusubaybayan ko ang pagganap ng aking anak sa mga asignatura" na may weighted mean na 1.49 at verbal interpretation na Hindi Nakikilahok (HN).

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

2 Lawak ng Antas ng Tagumpay ng mga Mag-aaral

2.1 Akademikong pagganap

**Talahanayan 4**
**Antas ng Tagumpay ng mga Mag-aaral batay sa Akademikong Pagganap**

| Akademikong Pagganap | WM | VI | Rank |
|---|---|---|---|
| 1. Ako ay nakapagtatamo ng mataas na marka sa aking mga asignatura dahil sa patnubay at paggabay ng aking mga magulang. | 2.08 | BM | 2 |
| 2. Ako ay nagiging masipag sa pag-aaral kapag ipinapakita ng aking mga magulang ang interes sa aking pagganap sa paaralan. | 1.92 | BM | 3 |
| 3. Ang tulong at suporta ng aking mga magulang sa mga gawaing pampaaralan (tulad ng proyekto, takdang-aralin, at paghahanda sa pagsusulit) ay nakatutulong sa aking pagganap. | 2.51 | M | 1 |
| 4. Dahil sa paggabay ng aking mga magulang, ako ay nakikilahok nang aktibo sa mga aktibidad sa paaralan. | 1.46 | HM | 5 |
| 5. Nakakamit ko ang mga karangalan o parangal sa paaralan dahil sa positibong impluwensya ng aking mga magulang sa aking pag-aaral. | 1.65 | BM | 4 |
| **Composite Mean** | **1.92** | **BM** | |

*Legend:* *LM-Lubhang Mataas* *M-Mataas*
*BM-Bahagyang Mataas* *HM-Hindi Mataas*

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang antas ng tagumpay ng mga mag-aaral batay sa kanilang akademikong pagganap. Ayon sa resulta, ang composite mean na 1.92 ay may bersong interpretasyon na “Bahagyang Mataas”, na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may katamtamang antas ng tagumpay sa aspetong akademiko. Pinakamataas na pahayag ang “Ang tulong at suporta ng aking mga magulang sa mga gawaing pampaaralan (tulad ng proyekto, takdang-aralin, at paghahanda sa pagsusulit) ay nakatutulong sa aking pagganap” na may weighted mean na 2.51 at berbal na interpretasyon na “Mataas”, na nagpapakita ng malaking impluwensya ng magulang sa tagumpay ng anak sa paaralan. Samantala, ang pinakamababang pahayag ay “Dahil sa paggabay ng aking mga magulang, ako ay nakikilahok nang aktibo sa mga aktibidad sa paaralan,” na may mean na 1.46 o “Hindi Mataas”, na nagpapahiwatig na hindi lahat ng mag-aaral ay naaapektuhan ng patnubay ng magulang sa kanilang partisipasyon sa mga gawaing pampaaralan.

2.2 Disiplina at asal

**Talahanayan 5**
**Antas ng Tagumpay ng mga Mag-aaral batay sa Disiplina at Asal**

| Disiplina at asal | WM | VI | Rank |
|---|---|---|---|
| 1. Naisasagawa ko nang maayos ang aking mga tungkulin sa paaralan kahit walang paalala ng aking mga magulang o guro. | 3.08 | M | 2 |
| 2. Pinipili kong sumunod sa mga alituntunin ng paaralan kahit walang nagmamasid sa akin. | 2.97 | M | 3 |
| 3. Nananatili akong masigasig sa pag-aaral kahit nakararanas ng mga pagsubok o kabiguan. | 3.12 | M | 1 |
| 4. Mayroon akong tiwala sa sarili na makakamit ko ang aking mga layunin sa pag-aaral sa tulong ng disiplina. | 3.04 | M | 5 |
| 5. Pinahahalagahan ko ang mga payo at patnubay ng aking mga magulang upang mas mapatatag ang aking disiplina at pag-asa sa tagumpay. | 3.00 | M | 4 |
| **Composite Mean** | **3.04** | **M** | |

*Legend:* *LM-Lubhang Mataas* *M-Mataas*
*BM-Bahagyang Mataas* *HM-Hindi Mataas*

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang antas ng tagumpay ng mga mag-aaral batay sa kanilang disiplina at asal. Makikita na ang pinakamataas na weighted mean (WM) na 3.12 ay tumutukoy sa pahayag na "Nananatili akong masigasig sa pag-aaral kahit nakararanas ng mga pagsubok o kabiguan", na may interpretasyong Mataas at nanguna. Sumunod dito ang pahayag na "Naisasagawa ko nang maayos ang aking mga tungkulin sa paaralan kahit walang paalala ng aking mga magulang o guro" na may WM na 3.08 at ranggong ikalawa. Samantala, ang may pinakamababang WM na 3.00 ay ang pahayag na "Pinahahalagahan ko ang mga payo at patnubay ng aking mga magulang upang mas mapatatag ang aking disiplina at pag-asa sa tagumpay" na may ranggong ikaapat. Ang kabuuang composite mean na 3.04 ay may verbal interpretation na Mataas, na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay karaniwang nagpapamalas ng disiplina at mabuting asal sa kanilang pag-aaral.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

2.3 Paglahok sa gawaing pampaaralan

**Talahanayan 6**
**Antas ng Tagumpay ng mga Mag-aaral batay sa Paglahok sa gawaing pampaaralan**

| Paglahok sa gawaing pampaaralan | WM | VI | Rank |
|---|---|---|---|
| 1. Aktibong nakikilahok ako sa mga gawaing pampaaralan tulad ng programa, paligsahan, at proyekto ng paaralan. | 2.05 | BM | 2 |
| 2. Naipapakita ko ang kasipagan at kahusayan sa mga gawaing pampaaralan na aking sinasalihan. | 1.77 | BM | 3 |
| 3. Ang aking pakikilahok sa mga aktibidad ng paaralan ay nakatutulong sa pag-unlad ng aking akademikong pagganap. | 1.46 | HM | 1 |
| 4. Nakakatulong ang mga gawaing pampaaralan upang mapaunlad ang aking tiwala sa sarili at pakikisalamuha sa iba. | 2.41 | BM | 5 |
| 5. Ang aking aktibong pakikilahok sa mga gawaing pampaaralan ay nagpapakita ng aking tagumpay bilang isang mag-aaral. | 1.65 | BM | 4 |
| **Composite Mean** | **1.87** | **BM** | |

*Legend: LM-Lubhang Mataas M-Mataas*
*BM-Bahagyang Mataas HM-Hindi Mataas*

Ipinapakita sa Talahanayan 6 ang antas ng tagumpay ng mga mag-aaral batay sa kanilang paglahok sa mga gawaing pampaaralan. Batay sa nakuhang datos, ang kabuuang composite mean ay 1.87 na may verbal interpretation na Bahagyang Mataas (BM). Nanguna sa mga pahayag ang item na “Ang aking pakikilahok sa mga aktibidad ng paaralan ay nakatutulong sa pag-unlad ng aking akademikong pagganap” na may weighted mean na 1.46 at verbal interpretation na Hindi Mataas (HM). Samantala, ang pinakamataas na weighted mean ay naitala sa pahayag na “Nakakatulong ang mga gawaing pampaaralan upang mapaunlad ang aking tiwala sa sarili at pakikisalamuha sa iba” na may 2.41 (BM). Ang mga resulta ay nagpapakita na bagama’t nakikilahok ang mga mag-aaral sa mga gawaing pampaaralan, ito ay bahagyang mataas lamang, na nangangahulugang may puwang pa para sa pagpapabuti ng kanilang antas ng partisipasyon.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

3 Halaga ng Antas ng Pakikilahok ng mga magulang sa tagumpay ng kanilang mga anak na Mag-aaral

**Talahanayan 7**
**Halaga ng Antas ng Pakikilahok ng mga magulang sa tagumpay ng kanilang mga anak na Mag-aaral**

| | WM | VI | Rank |
|---|---|---|---|
| 1. Ang paggabay ng aking mga magulang sa paggawa ng aking mga takdang-aralin ay nakatutulong sa aking pag-unlad sa pag-aaral. | 3.54 | BM | 2 |
| 2. Mahalaga para sa akin na dumadalo ang aking mga magulang sa mga pagpupulong o gawain sa paaralan. | 3.61 | BM | 3 |
| 3. Ang pagkakaroon ng interes ng aking mga magulang sa aking mga marka at proyekto ay nakapagpapalakas ng aking motibasyon sa pag-aaral. | 3.27 | HM | 1 |
| 4. Ang pagbibigay ng emosyonal na suporta ng aking mga magulang sa panahon ng aking pagkabigo o problema sa pag-aaral ay nakatutulong sa aking tagumpay. | 3.16 | BM | 5 |
| 5. Ang pagsasagawa ng mga magulang ng malinaw na tuntunin at oras para sa pag-aaral sa bahay ay mahalaga sa aking tagumpay sa paaralan. | 3.30 | BM | 4 |
| **Composite Mean** | **3.38** | **BM** | |

*Legend:* *LM-Lubhang Mahalaga* *M-Mahalaga*
*BM-Bahagyang Mahalaga* *HM-Hindi Mahalaga*

Batay sa Talahanayan 7, ipinakikita ang halaga ng antas ng pakikilahok ng mga magulang sa tagumpay ng kanilang mga anak na mag-aaral. Makikita na ang pahayag na “Ang pagkakaroon ng interes ng aking mga magulang sa aking mga marka at proyekto ay nakapagpapalakas ng aking motibasyon sa pag-aaral” ay may pinakamataas na naitalang weighted mean na 3.61 na may verbal interpretation na Bahagyang Mahalaga, na siyang nanguna sa ranggo. Sinundan ito ng pahayag na “Ang paggabay ng aking mga magulang sa paggawa ng aking mga takdang-aralin ay nakatutulong sa aking pag-unlad sa pag-aaral” na may weighted mean na 3.54 at parehong Bahagyang Mahalaga. Ang pinakamababang marka naman ay nakita sa pahayag na “Ang pagbibigay ng emosyonal na suporta ng aking mga magulang sa panahon ng aking pagkabigo o problema sa pag-aaral ay nakatutulong sa aking tagumpay” na may weighted mean na 3.16. Ang pangkalahatang composite mean ay 3.38, na may katumbas na interpretasyong Bahagyang Mahalaga, na nagpapahiwatig na para sa mga mag-aaral, mahalaga pa rin ang pakikilahok ng mga magulang sa kanilang tagumpay ngunit hindi ito itinuturing na ganap na pangunahing salik.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

4 Suliraning Kinakaharap ng mga magulang na nakaaapekto sa kanilang pakikilahok sa mga gawaing pampaaralan

**Talahanayan 8**
**Suliraning Kinakaharap ng mga magulang na nakaaapekto sa kanilang pakikilahok sa mga gawaing pampaaralan**
**5**

| | WM | VI | Rank |
|---|---|---|---|
| 1. Nahihirapan akong makadalo sa mga gawaing pampaaralan dahil sa hindi regular o mahigpit na iskedyul ng aking trabaho. | 3.85 | BM | 2 |
| 2. Limitado ang aking kaalaman sa teknolohiya at minsan ay wala kaming maaasahang internet, kaya nahihirapan akong suportahan ang online o digital na pag-aaral ng aking anak | 3.61 | BM | 3 |
| 3. Madalas akong makaranas ng stress o pagkapagod kaya nababawasan ang aking oras at lakas para makilahok sa mga aktibidad ng paaralan. | 3.62 | HM | 1 |
| 4. Kulang ang malinaw at regular na komunikasyon mula sa paaralan kaya minsan ay hindi ko agad nalalaman ang mga programang dapat kong salihan. | 3.55 | BM | 5 |
| 5. Ang kakulangan sa pinansyal na kakayahan at transportasyon ay nagiging hadlang sa aking aktibong pakikilahok sa mga programa ng paaralan. | 2.83 | BM | 4 |
| **Composite Mean** | **3.49** | **BM** | |

*Legend:* *LS-Lubhang Suliranin* *MS-Mataas na Suliranin*
*KS-Katamtamang Suliranin* *HS-Hindi Suliranin*

Makikita sa Talahanayan 8 ang mga suliraning kinakaharap ng mga magulang na nakaaapekto sa kanilang pakikilahok sa mga gawaing pampaaralan. Batay sa resulta, ang pangunahing suliranin ay ang madalas na pagkakaranas ng stress o pagkapagod na may weighted mean (WM) na 3.62 at verbal interpretation na Mataas na Suliranin (MS), na pumuwesto bilang unang ranggo. Sinundan ito ng hindi regular o mahigpit na iskedyul sa trabaho (WM=3.85, BM) na nasa ikalawang puwesto, at limitadong kaalaman sa teknolohiya at kakulangan sa internet (WM=3.61, BM) sa ikatlong ranggo. Samantala, ang kakulangan sa pinansyal na kakayahan at transportasyon (WM=2.83, BM) ay nakitang hindi gaanong mabigat na suliranin kumpara sa iba, habang ang kakulangan sa malinaw at regular na komunikasyon mula sa paaralan (WM=3.55, BM) ay nasa ika-limang puwesto. Sa kabuuan, ang composite mean na 3.49 ay nagpapakita na bahagyang mataas na suliranin ang mga hadlang na ito sa pakikilahok ng mga magulang.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

5. Mungkahing Interbensyong Gawain upang higit pang mapalakas ang papel ng magulang sa tagumpay ng mag-aaral

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral at kaugnay na literatura, makabubuting maglunsad ng mga interbensyong gawain na nakatuon sa pagpapalakas ng ugnayan sa pagitan ng magulang at paaralan, lalo na sa konteksto ng oras, emosyonal na kalagayan, at kakayahang teknolohikal ng mga magulang. Narito ang limang mungkahing interbensyon:

1. Parent Engagement Orientation and Toolkit Distribution.
2. Structured Home Reading and Study Routine.
3. Parent Coaching Sessions on Emotional Support and Motivation
4. Digital Literacy Workshops for Parents.
5. Parent-School Communication Enhancement Program.

**KONKLUSYON**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na konklusyon ay inilahad:

1. Ang antas ng pakikilahok ng mga magulang ng Grade 8 sa mga gawaing pampaaralan, pagdalo sa mga pagpupulong at pagtitipon ng paaralan, pagsuporta sa mga gawaing pang-akademiko ng kanilang anak at pagsunod at pagtulong sa mga programang ipinapatupad ng paaralan ay natasang bahagyang nakikilahok.

2. Ang lawak ng antas ng tagumpay ng mga mag-aaral batay sa akademikong pagganap at paglahok sa gawaing pampaaralan ay bahagyang mataas, samantalang ang disiplina at asal ay mataas.

3. Bahagyang mahalaga para sa mga mag-aaral ang antas ng pakikilahok ng kanilang magulang sa tagumpay nila sap ag-aaral.

4. Napatunayan ng pag-aaral na ang pangunahing suliraning kinakaharap ng mga magulang na nakakaapekto sa kanilang pakikilahok sa mga gawaing pampaaralan aydahil sa mga panlabas at panloob na salik gaya ng trabaho, stress, at kakulangan sa teknolohikal na kakayahan.

5. Iminungkahi ang mga interbensyong gawain na nakatuon sa pagpapalakas ng ugnayan sa pagitan ng magulang at paaralan, lalo na sa konteksto ng oras, emosyonal na kalagayan, at kakayahang teknolohikal ng mga magulang. Narito ang limang mungkahing interbensyon: